KAUTUSAN BLG. 8085

ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGLALAAN NG NAIIBA AT NATATANGING PILAHAN SA PAGBILI NG MGA GAMOT PARA SA MGA PANGYAYARING EMERGENCY.

PAUNANG SALITA
(PREAMBLE)

SAPAGKAT, ang buhay ay mahalaga at mahalaga sa lahat, na tungkulin ng bawat tao na pangalagaan at protektahan;

SAPAGKAT, ang mga kasapi ng pamilya ay tulong-tulong sa pagpapanatili at pagliligtas ng kahalagahan ng buhay sa oras ng pangangailangan, pagkakasakit, at sa biglaang pangyayari;

SAPAGKAT, sa panahon ng pagkakasakit, ang pangunahing lugar, na kung saan ang tao ay laging tumatakbo sa parmasya;

SAPAGKAT, sa parmasya, ang mga kustomer ay hindi gaanong napapansin kung ang kanilang binibiling gamot ay para sa biglaang pangyayari o hindi;

SAPAGKAT, kinakailangan mayroong naiiba at natatanging pilahan na maipatupad sa bawat parmasya sa buong siyudad ng Maynila: KAYA NGAYON, mangyaring

**Ipinag-uutos ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na:**

BAHAGING 1. Ang paglalaan ng naiiba at natatanging pilahan para sa pagbili ng mga gamot para sa mga pangyayaring emergency ay itatatag sa bisa ng Kautusang ito.

BAHAGING 2. Sugnay ng Kaukulang Parusa.- Pinapatawan ng kaukulang parusa ang anumang botika o ang may-ari ng botika na lalabag sa Kautusang ito, ng mga sumusunod;

1. Sa unang paglabag – multa ng PhP 200.00
2. Sa pangalawang paglabag – multa ng PhP 500.00
3. Sa pangatlong paglabag – multa ng PhP 1,000.00 at/o tatlong araw na pagkabilanggo ng may-ari ng botika at sa mga botika naman, tatanggalan ng permiso ng Lungsod ng Maynila

BAHAGING 3. Sugnay ng Pagtalaga ng Kaukulang Alituntunin. - Ang Manila Health Department ay inaatasang magtalaga ng kaukulang alituntunin sa pagpapatupad sa nasabing Ordinansa.

BAHAGING 4. Sugnay ng Pag-iiral. - Ang Kautusang ito ay magkakabisa sa araw ng pagkakapagtibay nito.

Pinagpasyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong ika-27 ng Enero 2005.

Pinagtibay ng Punong Lungsod ng Maynila ngayong ika- 18 ng Febrero 2005.

PINAGTIBAY:

JOSE L. ATIENZA, JR.
Punong Lungsod ng Maynila

JUAN MIGUEL T. CUNA
Pansamantalang Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod, Maynila

PINATUNAYAN:

EMMANUEL R. SISON
Kalihim ng Punong Lungsod

RODOLFO F. LAPID
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod